REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSAN PANLUNGSOD BILANG 10-114**

**KAUTUSAN NA INAAMYENDAHAN ANG KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 99-023 NA INAMYENDAHAN NG KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 99-033 NA MAY TITULONG, "KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG LIMITASYON SA PAGTATATAG AT/O OPERASYON NG MGA CELLULAR TOWERS AT/O CELL SITE ANTENNAE NA NASA HURISDIKSIYON NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN".**

*******************************************************************************

**Ipinanukala ni:** **KGG. KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Kgg. Kon. Allen F. Ampaya*
*Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon*
*Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, MD*
*Kgg. Kon. Melchor R. Teves*
*Kgg. Kon. Mggl. ICasiano M. Dela Rea*
*Kgg. Kon. Ermie S. Espeleta*
*Kgg. Kon. Marita Deang-Calalang, DMD*
*Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo*
*Kgg. Kon. Luvi P. Constantino*
*Kgg. Kon. Robert A. Abas*
*Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday*
*Kgg. Kon. Mggl. Rey E. Bulay*
*Kgg. Kon. Celso C. Dioko*

*******************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Kautusang Panlungsod Bilang 99-023 na inamyendahan ng Kautusang Panlungsod Bilang 99-033 ay nagtatakda ng limitasyon sa pagtatayo ng cell site antennae sa nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupaa;

**SAPAGKAT,** ang mga kumpanyang nagtataguyod ng ganitong hanapbuhay pati na ang ilang homeowners association ay nakiusap sa pamamagitan ng isang liham sa Sangguniang Panlungsod na kung maaari ay magkaroon ng amyenda sa nasabing Kautusan;

**SAPAGKAT**, sa pampublikong pagdinig na ginanap noong Oktubre 28, 2009 ay napagkasunduan na magkaroon ng amyenda sa naturang Kautusan at ilan sa mga iminungkahi ay:

a. *Paghingi ng aplikante ng isang kapasiyahan mula sa Sangguniang Panlungsod para masiguro ang pagsunod sa ordinansa.*
b. *Pagkilala hindi lamang cell site tower ang dapat sakop ng ordinansang nabanggit.*
c. *Na mapahintulutan ang mga nabanggit na cell site tower kung may pahintulot ng Homeowners Association.*

**NGAYON DAHIL DITO, ISINASABATAS NG 5TH SANGGUNIANG PANLUNGSOD** ang pag-aamyenda ng Kautusang Panlungsod Bilang 99-023 na inamyendahan ng Kautusang Panlungsod Bilang 99-033 ito ay ang mga sumusunod:

**SEKSIYON 1**. Ang dating probisiyon sa Seksiyon 4 ng Kautusang Panlungsod bilang 99-023 ay nababasa ng ganito:

*Seksiyon 4. Ang kumpanya na nagtayo na o magtatayo pa lamang ng cellular towers at/o cell site antennae ay kinakailangang makakuha ng paborableng rekomendasyon o permiso sa mga sumusunod na tanggapang panlungsod;*

*(a) xxx*
*(b) xxx*
*(c) xxx*

**NGAYON ITO AY BABASAHIN NG GANITO:**

*Seksiyon 4. Ang kumpanya na nagtayo na o magtatayo pa lamang ng cellular towers at/o cell site antennae ay kinakailangang makakuha ng paborableng rekomendasyon o permiso sa mga sumusunod na Tanggapang Panlungsod;*

***(a) xxx***
***(b) xxx***
*(c) xxx*
*(d) Sangguniang Panlungsod – Kailangang kumuha ng kapasiyahan mula sa Sangguniang Panlungsod na nagsasaad ng walang pagtutol sa nasabing proyekto. Sa pamamagitan nito magkakaroon ng pagdinig upang maliwanag sa mga nakatira sa pagtatayuan.*

**SEKSIYON 2.** Ang probisyon sa Seksiyon 6 sa nabanggit na Kautusang Panlungsod na inamyendahan ng Kautusang Panlungsod Bilang 99-033 ay nagsasaad at mababasa ng ganito:

*Seksiyon 6. Walang cellular tower at/o cell site antennae ang maaaring itatayo sa lupa o tuktok ng gusali sa loob ng distansiyang hindi bababa sa tatlong (3) metro mula sa kongkretong paanan ng cellular tower o gusali hanggang sa pinakamalapit na hangganan ng alinmang sonang pangresidensyal, paaralan, pang-edukasyon at pangkawanggawang institusyon, simbahan, personahe, moske, piitan, pamilihang bayan at iba pang kahalintulad.*

*Ang bawat cellular tower at/o cell site antennae, maliban kung itatayo sa tuktok ng mga gusali ay kailangang palibutan ng kongkretong bakod sa taas na pitong (7) talampakan, subalit sa lugar na kakaunti ang kabahayan at naninirahan na may layong hindi bababa sa isang (1) kilometro sa itatayong cellular tower at/o cell site antennae, ang bakod ay maaaring gawing cyclone wire na nakapatong sa tatlong (3) hallow blocks na footing.*

**NGAYON ITO AY BABASAHIN NG GANITO:**

**Seksiyon 6.** Walang cellular tower at/o cell site antennae, broad band ang maaaring itayo sa lupa o tuktok ng gusali sa loob ng distansiyang hindi bababa sa tatlong (3) metro mula sa kongkretong paanan ng cellular tower o gusali hanggang sa pinakamalapit na hangganan ng alinmang sonang pangresidensyal, paaralan, pang-edukasyon at pangkawanggawang institusyon, simbahan, personahe, moske, piitan, pamilihang bayan at iba pang kahalintulad ***ng walang pahintulot ng mga naninirahan sa nasabing lugar sa pamamagitan ng isang Board Resolution or written letter***.

*Ang bawat cellular tower at/o cell site antennae, maliban kung itatayo sa tuktok ng mga gusali ay kailangang palibutan ng kongkretong bakod sa taas na pitong (7) talampakan, subalit sa lugar na kakaunti ang kabahayan at naninirahan na may layong hindi bababa sa isang (1) kilometro sa itatayong cellular tower at/o cell site antennae ang bakod ay maaaring gawing cyclone wire na nakapatong sa tatlong (3) hallow blocks na footing.*

**SEKSIYON 3.** Ang lahat ng talata o parirala na ginamit sa Kautusang ito na may salitang "***cellular tower at/o cell site antennae"*** ay dadagdagan ng salitang "***at kahalintulad na istraktura***".

**SEKSIYON 4.** Ang lahat ng kasalukuyang nakatayo nang cellular tower at/o cell site antennae sa panahon ng pagkakaapruba ng Kautusang ito ay kinakailangang kumuha ng pagsang-ayon mula sa Sangguniang Panlungsod makalipas ang ***isang (1) taon o labing-dalawang (12) buwan*** upang masiguro kung ang mga nasabing cellular tower at/o cell site antennae ay sumusunod at sumasang-ayon sa Kautusang Panlungsod na ito.

**SEKSIYON 5.** Pahintulot mula sa mas nakararaming (majority) kanugnog o nakapaligid na bahay, building o iba pang istraktura sa anumang itatayong cell site antennae o cellular tower o kahalintulad na istraktura. Ang layo ng distansiya magmula sa paanan ng itatayong cellular tower at/o cell site antennae ay kahalintulad sa taas ng istrakturang itatayo (height + 10 ft. = Radius Distance).

**SEKSIYON 6.** Kinakailangang magbayad ng ***Franchise Tax*** bukod sa ***Mayor's Permit*** ang sinumang Kumpanya na magtatayo ng Cell Site Antennae o Cellular Tower sa nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa.

**SEKSIYON 7.** Kinakailangan na magkaroon ng ***Contractor's All Risk (CAR) Insurance*** upang masiguro ang magiging danyos kung may magaganap na kalamidad (manmade/natural) sa nasabing lugar.

**SEKSIYON 8.** Inaatasan ng Kautusang ito ang **Building Office** na inspeksiyunin mabuti ang structural design (weight, height, load & capacity) ng Cell Site Antennae o Cellular Tower na itatayo sa anumang gusali o lugar kung ito ay naaayon pa at gumawa ng alituntunin para sa limitasyon ng structural design ng isang Cell Site Antennae o Cellular Tower.

**SEKSIYON 9.** ***Sugnay na nagpapawalang Bisa*** – Alinmang ordinansa o resolusyon na hindi tugma sa mga itinatadhana ng Kautusang Panlungsod na ito ay pinawawalang bisa.

**SEKSIYON 10**. Kapag ang isang bahagi ng Kautusang ito ay napatunayan sa Hukuman na hindi naaayon sa Saligang Batas ng Pilipinas, (unconstitutional) ang mga bahaging hindi apektado ay mananatiling umiiral.

**PINAGTIBAY**, ng ***5th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayon **ika-2** ng **Marso 2010**, sa kanilang ***ika-111th Regular na Pagpupulong***.

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I:**

**KON. ALLEN F. AMPAYA**
*Miyembro*

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**
*Miyembro*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD**
*Miyembro*

**KON. MELCHOR R. TEVES**
*Miyembro*

**KON. MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Miyembro*

**KON. ERMIE S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. MARITA DEANG-CALALANG, DMD**
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. JOSELITO V. AREVALO**
*Miyembro*

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**
*Miyembro*

**KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Miyembro*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. MGGL. REY E. BULAY**
*Miyembro*

**KON. CELSO C. DIOKO**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punong Barangay*

**LIBAN:**

**KON. MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, MD**
*Miyembro*

**KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Miyembro*

**KON. INHR. MARISSA COLE-RONGAVILLA**
*Miyembro*

**KON. DANN HENRY G. TEVES**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kautusang ito.

**LEONORA M. MARCELO**
*Legislative Staff Officer IV*

**PINATOTOHANAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ___________

***Norie/***